NANGUNGUNANG LINGGUHANG MAGASING PANTAHANAN SA BANSA

# LIWAYWAY

Mayo 27, 2019



## NOBELA
### IKAW NA MUNA, MOMMY
Ni EFREN ABUEG

## TULA
### KUNG WALA NANG MAGBABALIK
Ni FRANCISCO ARIASMONTESEÑA

## AGRIKULTURA
### NAGLULUWAS NG 15 TONELADANG OKRA ARAW-ARAW
Ni ZAC B. SARIAN

# Julia Barretto

MANILA BULLETIN PUBLISHING
9 771165 698142
ISSN 1656-98-14

ESM BOOKSTORE
Telefax (02) 435-1882 / 930-9728
CP# 09052849354

Upang magkatrabaho o makabili ng kahit ano, atbp. Basahin – Manila Bulletin Advertisements & Classified Ads

# MGA NILALAMAN

I-like kami sa aming facebook page: www.facebook.com/liwayway.magazine


**NOBELA**

**6 "Ikaw Na Muna, Mommy" (1)**
*Efren Abueg*

**9 Saka Na Lang Kita Mamahalin(9)**
*Neri Jedeliz*

**12 Higit Na Matibay (24)**
*Armando T. Javier*

**KUWENTO**

**4 Tadhana Ng Unang Pag-ibig (4)**
*Evelyn L. Estrella-Sebastian*

**14 Malupit Na Mundo (2)**
*Armando T. Javier*

**LATHALAIN**

**16 Paano Magkakaroon Ng Role Models Ang Ating Mga Anak**
*Lilia Borlongan-Alvarez*

**17 Bakit Tinatangkilik Ng Mga Pinoy Ang Mga...**
*Fernando B. Sanchez*

**DAGLI**

**18** *Stefani J. Alvarez*

**KOMIKS**

**28 Sa Mundong Iyon... (36)**
*Perry C. Mangilaya / Donato Santos*

**31 Ako At Ako Lamang (57)**
*Elena M. Patron-Delos Angeles / Rico Rival*

**31 Kung Ang Pagpikit Ko'y Ang Iyong Pagmulat**
*Alquin M. Pulido / Alfred C. Manuel*

**38 Doro Dora**
*William Contreras*

**TULA**

**40 Kung Wala Nang Magbabalik**
*Francisco Arias Montesenia*

**KOLUM**

**19 Epektibong Pagtuturo**
*Pat V. Villafuerte*

**20 Buklat/Mulat**
*Dr. Eugene Y. Evasco*

**22 Haraya**
*Dr. Michael M. Coroza*

**24 Agrikultura**
*Zac B. Sarian*

**36 Magluto Tayo**
*Mareng Lena*

**36 Balik-Tanaw Sa Kasaysayan**
*Boy A. Silverio*

**SHOWBIZ**

**26 Julia Barretto, Nakaka-Relate Sa Pelikulang...**
*Maricris V. Nicasio*

**27 Erika Mae Salas, Masayang Maging Bahagi...**
*Nonie V. Nicasio*

**LIBANGAN**

**37 Pag-Usapan Natin!**
*Kuya Sam*

**37 Astrolohiya**
*Madame Sharona*

**38 Palaisipan**
*Jose Marie Gallego*

**38 Math Puzzle**
*Rosemarie Adaya*

**38 Magtawanan Tayo!**
*Simeon Sorrosa*










# "Ikaw na muna, Mommy"

Ni EFREN ABUEG




(UNANG LABAS)

PUPUNGAS-PUNGAS na bumaba si Tania ng kaniyang kama. Pagtindig niya, napasulyap agad siya sa maliit na orasan sa ibabaw ng kaniyang mesang susulatan.

"Napalalim ang tulog ko!" At patakbong lumabas siya ng silid at nag-aapura ang boses na tinawag ang kanilang kasambahay.

"Mayumi, nakaluto ka na ba?" Nakalapit na siya sa may kusina.

Ngunit walang sumagot. Tumuloy siya sa kusina, ngunit wala roon ang kaniyang hinahanap. Lumalabas na siya mula roon nang marinig niya ang boses ng kaniyang Mommy Pinky.

"Narito ako kay Mayumi, Tania!"

Parang may nagtulak sa kaniya patungo maliit na silid na malapit sa pintong palabas ng garahe. Nabungaran niyang nakabaluktot sa pagkakahiga sa kama ang kanilang kasambahay. Parang lukot ang mukha nito sa sakit na dinaranas.

"O, ano'ng nangyari sa kaniya, Mommy?"

"M'am, masakit po'ng tiyan ko!" Parang naghahabol ng hininga si Mayumi.

Tinabihan ng upo at sinasalat ng Mommy Pinky niya ang noo ng kasambahay, mahinahon itong nagsasalita.

"Sabi ko na sa iyong dalhin na kita sa ospital nang maaga pa kagabi…"

Sumisigok na sa pag-iyak si Mayumi. "*Sorry* po, M'am. Ayoko pong maabala kayo kaya tiniis ko muna!"

"Kita mo na. Ngayon, maaabala mo pati ang Ate Tania mo dahil may *final interview* siya sa isang *hiring agency*."

"Pasensiya na po, M'am…." Naputol ng parang hilab na sakit sa tiyan ang tangkang pagsasalita pa ng kasambahay.

Binalingan si Tania ng kaniyang Mommy Pinky. "Mag-ayos ka na, Tania. Kailangang maaga kang makarating sa *final interview* mo. Ikaw na ang maghahatid sa amin ni Mayumi sa ospital. Dalhin mo na'ng kotse para makagawa ka ng paraan ma-*meet* mo ang iyong *appointment* kung matrapik ka man!"

*Emergency*! Tatapat na lamang siya sa dutsa, tutuyuin

NOBELA

# Higit Na Matibay

Ni ARMANDO T. JAVIER

## (IKA-24 LABAS)




TAMA ba ang narinig niya, tanong ng isip ni Janno. Hindi pa niya nauubos ang lamang alak ng kanyang baso. Napatingin siya kay Zeny; tumango ito.

Ang kuwento sa kanya ni Zeny noong una silang mag-inuman sa *apartment*, pinabayaan siya ng lalaking nakabuntis sa kanya, na *boy toy* raw ng amo ni Zeny (noon) na isang beki. Sa pagkakaintindi niya, wala nang komunikasyon si Zeny sa lalaki, mula nang paalisin siya ng beki sa pinagtatrabahuhang parlor sa San Fernando."S'ya ba 'yon? At pa'no ka naman natunton?"

"Nabasa daw n'yang *post* sa *facebook*."

Ng kanilang parlor na kinaroroonan din ng kanilang *address*.

"Matagal na raw n'ya 'kong gustong makausap..."

"Nakikipagbalikan?"

"Hindi. *Married* na rin s'ya. Me isa na ngang anak. Babae. *Two years old* na."

"W-Wala na sila no'ng beki...?"

"Wala na raw. Matagal na raw. Pinagselosan din 'yung babae na *college sweetheart* pala ni Vin. At tulad sa 'kin, naasembulan n'ya rin 'yung *girl*. Ayaw pumayag ng mga kaanak na hindi n'ya pakasalan. Maimpluwens'yang angkan pala ang pamilya..."

"Bakit ka raw hinahanap?"

"Gusto n'yang makita si Toby. Gusto rin n'yang maipakilala sa *daughter* n'ya."

"Pumayag ka?"

"Hindi pa. Pinag-iisipan ko pa nga. Baka lalo lang kasing malito'ng anak ko. Abnormal na nga'ng sitwasyon, tapos malalaman n'yang me kapatid pa s'ya...'Tsaka, t'yak na di papayag si Nanay. Malaking galit n'ya kay Vin."

"Kaya pala tayo nag-iinom..."

Binunggo ni Zeny ng balikat ang balikat ni Janno. Lumingon paitaas sa gawi ng silid ng mag-lola.

"Wala kasi akong mapagsabihan. Ayoko munang sabihin ke Nanay, t'yak na mahahayblad 'yon!"

"Malamang. 'Kala ko'y nakikipagbalikan sa 'yo si Pogi?"

"Iba na'ng sitwasyon. Me asawa na s'ya."

"Pero malagkit pa rin ang tingin n'ya sa 'yo."

Napangiti si Zeny at kinurot siya sa braso.

"Maglaway-laway s'ya...!"

Palibhasa'y nasa bahay, nakasando lamang si Zeny: hapit pa sa katawan, nagyayabang




Ni DR. MICHAEL M. COROZA

# GAWAD PAMBANSANG ALAGAD NI BALAGTAS 2019

**(IKALAWANG LABAS)**

ANG isa pa sa pitóng pinagkalooban ng Gawad Pambansang Alagad ni Balagtas ng Unyon ng mga Manunulat sa Pilipinas (UMPIL) ay si Grace D. Chong. Narito ang maikling talâ tungkol sa kaniya, ang sitasyon tungkol sa kaniya, at ang maikling bahagi ng isa niyang akda.

**GRACE D. CHONG.** Isinilang sa Agoo, La Union noong 20 Hulyo 1945, isa siyang guro at manunulat ng mga aklat pambata at nagbibigay ng inspirasyon. Bago ito, nagkaroon siya ng maningning na karera sa larang ng publisidad, naging bise presidenteng ehekutibo siya at direktor malikhain ng isang nangungunang kompanya ng publisidad. Nagtapos siya ng AB Speech and Drama sa Unibersidad ng Pilipinas Diliman (1964) at AB Mass Communication sa Columbia College sa Chicago, Illinois (1966), at kumuha rin ng BFA at MFA Theater sa Art Institute of Chicago (1969). Umani ng tagumpay ang kaniyang mga akda sa Don Carlos Palanca Memorial Awards for Literature, Asian Children's Book Awards (Singapore), Gintong Aklat Awards, Catholic Mass Media Awards, at National Book Awards. Kabilang sa kaniyang pinakamabebentang aklat ang *The Boy Who had Five Lolas* (2001), *The Magic of Apo Mayor* (2002), at *No Lipstick for Mother* (2005). Nagsusulat din siya ng kolum para sa *Mom and Kids Magazine, Parenting Magazine,* at *Evangelicals Today Magazine,* at iba pa. Mayroon din siyang *blog* na maraming sumusubaybay mula pa noong 2006, www.leavesofgrace.blogspot.com.

**PAGPAPAHALAGA**

SA pagsulat ng mga kuwentong pambata, muli at muli niyang pinagagana ang naratibo bílang matalab na paraan ng pagpapamalay at pagpapaliwanag. Pagpapamalay, sapagkat inihaharap niya sa pamamagitan ng iba't ibang mukha ng aksiyon, ang sari-saring aspekto ng pagiging tao at pagpapakatao; pagpapaliwanag, hindi lámang sa mithing mangaral sa mga kabataang kausap, kundi lalo't higit, upang maging tanglaw sa madalas na naririmlang daigdig. Itinatanim niya sa larang ng kaniyang salaysay ang binhi ng mga halagahang pinalulusog ng pananaw Kristiyano. Sa pagsibol nito, sa bawat pagbuklat ng kaniyang mga aklat, nahahango, muli at muli ang pag-asa, ang bunga ng pananalig, hindi lámang sa salita kundi sa sumaating Salita.

Malugod na ipinagkakaloob ng Unyon ng mga Manunulat sa Pilipinas ang Gawad Pambansang Alagad ni Balagtas kay Grace D. Chong.

**HALIMBAWANG AKDA**

(From *Tree for All*)

*"Stop! Don't you dare cut this tree! It's older than each of you are. My late husband Berto planted it there and it will stay there!" she said, her shrill voice exciting* Arsab *even more.*

*Arf! Arf! Arf!*

*"But this isn't your tree!" the men argued. "It's outside your property and we need to cut it to have space for a lamppost."*

*"It isn't your tree either. It is God's! A lamppost can be farther there. Nobody cuts any tree! Understand?"* Apong Cion *said, brandishing her broom non-stop.*

(Mula sa *Tree for All*)

"Tigil! H'wag n'yong maputól-putól ang punòng ito. Mas matanda pa ito sa inyong lahat. Itinanim iyan diyan ng nasira kong bánang si Berto, at diyan iyan mananatili," wika niyang nangangatal ang tinig, na lalong nagpagálit kay Arsab.

Aw! Aw! Aw!

"Pero hindi po inyo ang punòng ito!" katwiran ng mga lalaki. "Labas ito sa inyong lote at kailangan naming putulin ito para makapagtayô ng poste."

"Hindi rin sa inyo 'yan. Sa Diyos 'yan! Sa banda roon puwedeng maglagay ng poste. Walang sinumang magpuputól ng punò! Malinaw?" wika ni Apong Cion, walang humpay na iwinawasiwas ang kaniyang walis.

Pagbating maluwalhati at mabuhay ka, Grace D. Chong!



GRACE D. CHONG

# Julia Barretto, nakaka-relate sa pelikulang *Between Maybes* na unang tambalan nila ni Gerald Anderson

Ni MARICRIS VALDEZ-NICASIO

IPINAHAYAG ni Julia Barretto na nakaka-*relate* siya sa kanyang bagong pelikula, gumaganap kasi siya rito bilang aktres.

Muling mapapanood sa *big screen* si Julia sa pamamagitan ng pelikulang *Between Maybes*. Makakapareha niya rito sa unang pagkakataon si Gerald Anderson. Ito ay mula sa Black Sheep Productions at sa pamamahala at panulat ni Direk Jason Paul Laxamana.

Ayon kay Direk Jason Paul, ang Between Maybes ay kasaysayan ng dalawang tao na nawalan na ng kontrol sa kanilang mga sariling buhay. Ang isa ay kilalang aktres, at ang isa naman ay anak ng mga magulang na na-*deport* mula sa Japan.

Ayon pa kay Direk, ang pagtatagpo ng dalawang pangunahing karakter dito ay magpapakita kung paano manunumbalik ang kontrol nila sa kani-kanilang mga buhay.

Ang naturang pelikula ay kinunan pa sa Japan.

Sa pelikulang ito ay gumaganap si Julia bilang si Hazel Ilagan, na isang sikat na aktres. Samantalang si Gerald naman ay si Louie Puyat na anak naman ng mga OFWs.

Ipinahayag ni Julia na sobra siyang nakaka-*relate* sa papel ni Hazel, dahil iyon naman daw kasi ang kanyang propesyon sa tunay na buhay.

Esplika ng magandang aktres, *"This is what I do almost every day of my life. I love what I do. I love my craft and so does* Hazel. *I probably feel that* Hazel, *acting is her home. So* kahit lumayo siya nang gaano katagal pa iyan, uuwi at uuwi siya sa *home* niya *which is her craft."*

Sa proyektong ito, isang dating sikat na *child star* ang ginagampanan ni Julia na nang nag-*mature* na ay itinuring ng iba bilang isang laos na artista. Dahil dito, tinakasan niya ang masalimuot at magulong mundo ng *showbiz* at nagtungo sa isang *remote* na *fishing town* sa Japan.

Nasabi naman ng Kapamilya aktres na ang tambalan nila ni Gerald dito ay hindi inaasahan. *"It's a fresh new tandem. I don't think it's anything anyone ever expected* na magkakatambalan."

Nabanggit din ni Julia na ang kanyang ka-*love team* at napapabalitang *boyfriend* na si Joshua Garcia ay masaya nang nalamang si Julia ay itatambal kay Gerald para sa naturang proyekto.

*"To be very honest, it took me sometime to tell him* kung sino ang gagawa *because I wanted to make sure* na *once I tell* Josh, dapat *sure* na iyong *actor* na iyon ang gagawa talaga. *Once I found out, I told him. To be very honest,* natuwa siya na si Gerald, natuwa siya na *it was to somebody* na *a couple of years older than me rather* sa ka-*age* ko," esplika ni Julia.

Sinabi rin ni Julia na siya ay nagpapasalamat sa kanilang *love team* ni Joshua dahil maganda ang nagawang tulong nito sa kanyang *showbiz career*.

Ayon pa kay Julia, ang kanilang *love team* ni Joshua ay nagbukas ng pinto ng maraming oportunidad sa kanya sa mundo ng *showbiz*. Dinala raw siya nito sa maraming lugar na siya ay lalong nag-*grow* bilang aktres, maraming natututuhan, at nagkaroon ng masasaya at di malilimutang mga karanasan.



Gayunman, ipinahayag din ni Julia na alam nila kapwa ni Josh na darating ang pagkakataon na maghihiwalay sila bilang *partner* o *love team*, para gumawa ng mga solo *projects* sa hinaharap.

Pero idinagdag pa ng aktres na kapwa nila nirerespeto ang desisyon ng bawat isa sa kanila.

"Alam namin ni Josh sa isa't isa na sa *journey* namin, *sooner or later,* darating talaga ang *time* na magkakaroon kami ng kani-kanya naming *project and we respected that.* Kasi, pareho naming mahal 'yung ginagawa namin. *We respected the fact* na *it's what's best for us,* 'yung *growth* namin. *And if it's the only way to grow, then we should support it,"* aniya pa.

# Erika Mae Salas, masayang maging bahagi ng benefit show para sa breast cancer patients

Ni NONIE V. NICASIO

ANG *talented* na *recording artist* na si Erika Mae Salas ay isa sa naging bahagi ng *benefit show* na *Dibdiban na 'To* para sa *breast cancer patients* ng Philippine Foundation for Breast Care, Inc. na ginanap sa Historia Bar *last* May 5, 2019.

Isa si Ogie Diaz sa *board of directors* ng naturang *foundation*, na ang proyekto ay mula sa *media group* na TEAM (The Entertainment Arts & Media).

Marami ang bumilib sa galing ni Erika Mae sa naturang *event* lalo na nang kantahin niya ang *Buwan*. Nagpapasalamat naman siya sa pagiging parte niya ng nasabing *benefit show*.

"Salamat po sa pag-*invite* sa akin, napakasaya ko po at naging bahagi ako ng *concert* na ang layunin ay makapagbigay ng tulong sa mga *breast cancer patients. Thankful* din ako na makasama ang mga mahuhusay na *singers* sa industriya. *Congratulations* po sa TEAM!" sambit ng 17-*year old* na dalagita.


*Present* sa *event* na ito ang Superstar na si Ms. Nora Aunor, kaya naman aminado si Erika Mae na sobra siyang na-*starstruck* sa *legendary* Filipina *actress*.

"*Yes* po *first time* kong nakita si Ms. Nora Aunor *and* hindi nga po ako makapaniwala hanggang ngayon, e.

"Nakaka-*starstruck* po talaga ang pagdating ng ating *one and only superstar* na si Ms Nora Aunor. Napaka-*humble* po niya *and* i-*grab the opportunity* na makapagpa-*picture* po sa kanya, kasi napaka-*rare* po na makita siya sa isang *event*," masayang saad pa niya.

Sa ngayon ay abala si Erika Mae sa paghahanda para sa *album tour* ng Singing Nurse na si Nick Vera Perez na pinamagatang *I Am Ready Album Mall and Campus Tours P3* na magaganap mula May 8 hanggang June 21, 2019, at itinuturing niyang isang karangalan na mapabilang sa mga *front acts* nito.

Ang *show* ay nagsimula na noong May 8 sa General Santos City (SM City), na susundan sa Davao, Metro Cebu, at iba pa.




Ang bagong *single* ni Erika Mae ay ang *Ako Nga Ba* at *out* na ito sa mga *digital stores under* Spoken Words *official sound track*. Ito'y *release* ng Viva Records at may *music video* ito na napapanood sa YouTube.

## Higit Na Matibay

(Mula sa pahina 13)

"'Nay, ang bibig n'yo, konting preno. Nakakahiya sa mga kalapit-pinto…"

Saka pa lamang tila natauhan si Aling Elsie.

"Ayoko! 'Wag mong maisama-sama ang anak mo sa lalaking 'yan…!"

"'Nay naman…"

"Basta, ayoko!"

Nakarinig si Janno ng nagdadabog na mga yabag papanhik sa silid sa itaas, saka pa lamang niya iniawang ang pinto ng kanyang silid at sinilip si Zeny sa salas. Nakaupo pa rin ito sa sopa, nakahawak ang magkabilang kamay sa ulo, dismayado ang mukha, hindi maipinta.

Lumabas siya ng silid at tinabihan sa pagkakaupo ang kasamahan sa trabaho. Hinawakan niya ang palad. Lumingon sa kanya, nakita ang pagmamalasakit sa kanyang mukha at napailing.

"Ayaw ni Nanay…"

"Pa'no ngayon 'yan?"

Nagkibit-balikat. "Ewan. Bahala na."

Inakbayan niya si Zeny at inalo.

Nang hapong iyon na magsasara na sila ng parlor, malata si Zeny, tila ba kay bigat ng katawan. Nang tanungin naman niya, tinatamad pa raw na umuwi.

"Maggala tayo. Me lakad ka ba?"

"Wala."

Nagyaya sa *mall* sa Rosario. Doon na sila naghapunan, saka nag-ikut-ikot, tumingin-tingin sa mga *shops*. Tahimik pa rin si Zeny, kumibo-dili. Pinoproblema pa rin siguro ang pakiusap ni Vin na makita si Toby at maipakilala sa anak nito. Lumipat sila ni Zeny ng *floor* hanggang sa mapadako sila sa hanay ng mga sinehan.

"Gusto mo na bang um'wi?"

"Okey lang. Kung ano'ng *trip* mo, 'samahan kita…"

Hinawakan siya ni Zeny sa kamay at humakbang patungo sa *teller*. *Hollywood film* ang pinasok nila, isang *thriller*. Magkahawak-kamay pa rin sila sa loob ng sinehan. Nangangagat ang lamig. Nakapuwesto sila sa dulong upuan. Naghalukipkip siya; si Zeny, tuwid ang tingin sa *screen*. Tila wala naman sa pinanonood ang isip, mukhang nasa problema pa rin. Maya-maya, dumikit ito sa kanya at ihinilig ang ulo sa kanyang balikat.

"'Anlamig naman dito…" sabi.

"Giniginaw ka ba?"

"Oo."

Iniakbay niya ang kaliwang braso kay Zeny, hinimas-himas ang braso nito. Bumaling sa kanya si Zeny. Nanunghay sa kanyang mukha nang nakaawang ang mga labi.

(ITUTULOY)

# KUNG WALA NANG MAGBABALIK



Tanggapin ang palad ng mga inabandona.
O kung di man kusa, ay ang mga naiwan
kung sa tagal ng paghahanap
ay napagod ka na at sumuko.

Tanggapin ang pintig ng isang naghihingalo,
patay-sinding kandilang hindi maiwan
at baka pagmulan ng sunog.

Tanggapin ang sulong iniaatang
sa mga katulad nating nagbabakasakali
kahit mapusyaw na ang katotohanang
ang ayaw magbalik ay di mapipilit.

Tanggapin ang patuloy na sikat ng araw,
ang dapyo ng hangin, ang anag-ag ng buwan.
Manatili sa kanilang hindi nagbabago.
Nasa kanila ang tunay na pagkandili.
Kung wala nang magbabalik sa mga hinihintay,
Huwag. Ay, huwag sana nating
pati puso ay patayin.

**- FRANCISCO ARIAS MONTESEÑA**